

PAHAYAG NG PAGTUTOL AT MARIING PAGKONDENA NG KOLEHIYO NG ARTE AT LITERATURA SA PAGPAPALIBING SA DIKTATOR SA LIBINGAN NG MGA BAYANI

Ang Kolehiyo ng Arte at Literatura ay nakikiisa sa Sambayanang Pilipino na tumututol sa paglagak sa labi ng dating Diktator at utak ng labing-apat (14) na taong Batas Militar sa Libingan ng mga Bayani (LNMB).

KATUMPAKAN NG NAPAPANAHONG PANININDIGAN

Tumpak at napapanahon ang paninindigan ng Kolehiyo ng Arte at Literatura na sumanib sa lakas ng hustisya para pigilan ang nasabing napipintong paglilibing.

Lagpas sa Usaping Legal

Lagpas sa debateng legal ang katumpakan ng pagtutol sa pagpapalibing.

Lubhang kapos ang debate kung ang LNMB ay nakasanayang paglagakan ng mga labi ng mga nasawing sundalo o ilang halal na pangulo ng Republika. Hindi matutumbasan ng mahabang diskurso ang pagpapakahulugan sa LNMB. Ang malawakang pagtutol at matagal na paghihintay ng Pamilya Marcos sa pagpapalibing sa Diktador ay malinaw na pruweba na hindi sapat ang legalistikong perspektiba sa pagharap sa isyu. Ito ay marapat na nakakonteksto sa lalim ng sugat na nilikha at patuloy na perwisyo ng Batas Militar.

Pagpwesto sa Kasaysayan at Pagsulong ng Panlipunang Hustisya

Ang pagtutol sa pagpapalibing ay pahayag ng pagtuligsa sa pagwasiwas ng kapangyarihan ng Pamilya Marcos. Alalahaning napatalsik ang buhong na pamilya Marcos sa pwesto sa pamamagitan ng dekadang pakikibaka ng mga kilusang anti-pasista na lumundo sa dramatikong Edsa Uno. Ang pagtutol sa pagpapalibing ay paninindigan laban sa pagbura sa 20 taong tiwaling pamumuno sa kasaysayan ng masahol na rekord ng korapsyon, malaganap na paglabag sa karapatang pantao at matinding kahirapang dinanas ng sambayanan. Ang pagtutol sa pagpapalibing ay di pagbitiw sa ilang dekadang kampanya sa pagbawi sa nakaw na yaman ng Pamilya Marcos. Nakaw na yamang patuloy na iniinda't binabayaran ng bawat Pilipino.

PANAWAGAN SA SUSTENIDONG PANININDIGAN AT PAGKILOS

Nagbabadya ng solidong panunumbalik sa kapangyarihang pampolitika ng Pamilya Marcos pagpapalibing sa Diktador sa LNMB. Hudyat ito para sa mga tapagtaguyod ng demokrasya at panlipunang hustisya na maging higit na alerto at magpursigi para itaguyod at lubusin ang maningning na aral ng pagpapabagsak sa diktadurya. Mahalagang maipagpatuloy at mapalakas ang sinimulan ng Kilusang CARMMA.*

Ipresyur ang kasalukuyang Administrasyon na higit na pagtuunan ng pansin ang pagpapabalik sa yaman ng sambayanang ninakaw ng Pamilya Marcos. Isakatuparan ang tagumpay sa Hawaii Federal Court at sa Korte Suprema ng US sa pagbibigay ng ganap na hustisya sa mga biktima at kaanak ng mga biktima ng Batas Militar.

Gawing patuluyan at komprehensibong gawain (sa anyong konsyerto, nilalaman ng mga teksbuk, silabus ng mga asignatura, kultural na pagdiriwang, akademikong kumperensya) at panawagan sa mga kilusan at akademya ang pagpapatining ng suri sa kasaysayan ng kabuktutan ng Rehimeng Marcos at Batas Militar. Mahalagang ipatimo sa kasalukuyang henerasyon ang pagtataguyod at pagpapalawig sa mga karapatang bunga ng daantaong pakikibaka at kolektibong pagkilos ng Sambayanang Pilipino.